



# NEWS RELEASE

[baaqmd.gov](http://baaqmd.gov)



**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Hunyo 20, 2023  
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** [communications@baaqmd.gov](mailto:communications@baaqmd.gov)

## **Programa sa Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin, popondohan ang next-gen na tagagawa ng baterya sa California para isulong ang pag-transition sa clean energy**

**SAN FRANCISCO** - Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay nagbigay ng garantiya sa loan sa SPARKZ, na isang next-generation na manufacturer ng baterya na nagre-reengineer sa supply chain ng baterya sa Estados Unidos.

Binabawasan ng solution ng kumpanya sa pag-store ng enerhiya ang gastusin sa produksyon ng domestic na lithium battery sa pamamagitan ng pag-aalis sa cobalt at nickel na tradisyonal na ginagamit sa pag-manufacture ng mga ito. Sa makabagong prosesong ito na na-develop ng SPARKZ, bababa ang gastusin sa mga lithium-ion battery, maaalis ang mga alalahanin sa kapaligiran kaugnay ng pagmimina ng cobalt, at mababawasan ang mga paghihigpit na dulot ng internasyonal na supply chain.

“Mahalaga ang mga pampubliko at pribadong partnership para mapabilis ang development ng mga lubos na kinakailangang teknolohiya sa klima, masuportahan ang pag-transition sa clean energy, at matugunan ang ating mga layunin sa klima,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ipinagmamalaki naming makipag-partner sa isang tunay na innovator na nagbibigay-daan sa kinabukasan ng clean energy at pag-manufacture.”

“Makikita sa California ang industriya ng pag-manufacture ng teknolohiya sa klima na pinakamabilis lumago sa bansa at para sa SPARKZ, California ang aming tahanan. Habang pinag-iisipan naming i-expand ang aming footprint sa pag-manufacture para ma-reengineer ang supply chain ng baterya sa bansa, pagtutuunan namin ang California dahil sa mga pagsisikap ni Gobernador Newsom na isulong ang electrification,” sabi ng founder at CEO na si Sanjiv Malhotra. “Sa suporta ng Distrito ng Hangin, California Infrastructure and Economic Development Bank, at Northern California Financial Development Corporation, magagawa ng aming kumpanya na mag-hire ng mga Californian, palawakin ang aming mga pasilidad para sa pag-manufacture, at makibahagi sa paglutas sa krisis sa klima.”

Ang garantiya sa loan na ito ay ang pinakabagong proyekto sa ilalim ng programang Climate Tech Finance ng Distrito ng Hangin. Sa pakikipagtulungan sa California Infrastructure Economic Development Bank at Northern California Financial Development Corporation, pinangunahan ng team ng Climate Tech Finance ang isang pagkwalipika sa teknolohiya, epekto ng

pagkakapantay-pantay sa lipunan, at pagsusuri ng greenhouse gas, kung saan natukoy na kwalipikado ang SPARKZ para sa milyun-milyong dolyar na garantiya sa loan. Sinusuportahan ng garantiya sa loan na ito ang SPARKZ sa pagkuha ng linya ng credit sa East West Bank.

“Mahalagang pahasayin ang accessibility at bawasan ang gastusin sa clean energy sa pagtugon sa krisis sa klima,” sabi ng Executive Director ng IBank na si Scott Wu, “Sa loan ng Climate Tech sa IBank, tiyak na masusuportahan ang mga entrepreneur sa klima na nagde-develop ng mga makabagong teknolohiya para maisakatuparan ito. Ikinagagalak naming gampanan ang tungkuling ito, at gawing tulay ang mga pampubliko at pribadong partnership at gumawa ng makabuluhang positibong epekto na nakakaapekto sa ating lahat.”

Pangunahing prinsipyo ng programang [Climate Tech Finance](#) na suportahan ang mga makabagong proyekto sa klima, at sa pagsusuri ng greenhouse gas ng Distrito ng Hangin, natitiyak na nababawasan ng mga bagong teknolohiya ang mga panandalian at pangmatagalang emisyon ng greenhouse gas. Nagbibigay ang garantiya sa loan ng Climate Tech Finance ng pinalaking credit na sumusuporta sa pag-manufacture ng [SPARKZ](#) para matugunan ang lumalaking demand mula sa mga customer. Tinatayang mababawasan ng mga baterya ng SPARKZ ang 1,200 metric ton ng emisyon ng katumbas ng carbon dioxide kada taon sa California sa pamamagitan ng pagpapalit sa mga school bus at pampasaherong bus na gumagamit ng diesel ng mga de-kuryenteng bus, at paggamit ng mga stationary battery para mabawasan ang loan sa grid ng kuryente.

Ang SPARKZ ay gagawa ng mga trabaho sa value chain ng lithium battery sa California sa pamamagitan ng paggawa ng mga oportunidad sa trabaho sa sektor ng pag-deploy, pag-install, pagseserbisyo, at pagmementina na nauugnay sa mga baterya nito. Nag-commit ang kumpanya sa 800 bagong full-time na trabaho at mahigit sa \$700 milyong investment sa buong California.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)